## *Paano Pagandahin ang Iyong Sarili Yugto 2*
## *Ang katuruang ito ay Laban sa Makeup, Pagpipinta at mga Pabango*

Upang harapin ang mga hamon ng buhay, kailangan natin ang Dios sa ating tabi. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng sumusunod: ***"5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man." (Awit 34:5)*** Nais ng Dios na bumalik tayo sa Kanya, bumalik kay Jesus at sa Kanyang Salita na magbibigay liwanag, pag asa at buhay. Sa ngayon maraming mga Cristiano ang nagsusuot ng maskara upang itago ang kanilang espirituwal na kakulangan. Sila'y nagsusuot ng maskara ng pagmamalaki, maskara ng make up at pagpapakitang gilas at kamunduhan upang harapin ang mga hamon ng buhay. Dapat silang magkaroon ng saloobin ng pagsisisi at pagbabalik sa Dios.

***Kawikaan 7:10-20 KJV*** ay inihahayag ang isang mangangalunyang asawang babae na may dobleng buhay, ***"10 At, narito, doo'y nasalubong niya ang isang babae na nakagayak ng tila isang patutot, at tuso sa puso. 11 Siya'y madaldal at matigas ang ulo; ang kaniyang mga paa ay hindi nagsisitahan sa kaniyang bahay: 12 Ngayo'y nasa mga lansangan siya, mamaya'y nasa mga luwal na dako siya, at nagaabang sa bawa't sulok. 13 Sa gayo'y hinahawakan niya siya at hinahagkan siya, at may mukhang walang hiya na nagsasabi siya sa kaniya: 14 Mga hain na mga handog tungkol sa kapayapaan ay sa akin; sa araw na ito ay tinupad ko ang aking mga panata. 15 Kaya't lumabas ako upang salubungin ka, hinanap kong masikap ang iyong mukha, at nasumpungan kita. 16 Aking inilatag ang aking higaan na may mga coltsong may burda, na yari sa guhitguhit na kayong lana sa Egipto. 17 At aking pinabanguhan ang aking higaan ng mira, mga oleo, at sinamomo. 18 Parito ka, tayo'y magpakasiya sa pagsisintahan hanggang sa kinaumagahan; magpakasaya tayo sa mga pagsisintahan. 19 Sapagka't ang lalake ay wala sa bahay, siya'y naglakbay sa malayo: 20 Siya'y nagdala ng supot ng salapi; siya'y uuwi sa bahay sa kabilugan ng buwan."*** Kinaumagahan, ang babaeng iyon ay nasa templo (ang simbahan ngayon) naghahandog ng kanyang pakikipagkasundong panatang handog. Kalaunan, naakit niya ang isang lalaki sa pamamagitan ng (nakagayak ng isang patutot na nasa talata 10, palaging nasa lansangan tulad ng nasa talata 11 at 12, at may pisikal na kaugnayan sa talata 13, at 18, at may pabango tulad sa talata 17). Marami ang gumagawa ngayon ng katulad, sila'y pumupunta sa simbahan, sila'y nagbabayad ng ikapu at ng kanilang mga handog at pagkatapos ng simbahan ng pagsamba sila'y sasama sa lalaki para makipagtipan. Ang dobleng buhay ay hindi katangap tanggap sa harapan ng Dios.

Ang mga deodorant o iba pang lotion ay maaaring gamitin upang labanan ang masamang amoy na nabubuo ng pawis, ngunit dapat itong maging banayad at hindi dapat mapansin ng mga tao para sa maling mga kadahilanan.

***"6 Na nagsisiinom ng alak sa mga mankok, at nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango; nguni't hindi nangahahapis sa pagdadalamhati ng Jose." (Amos 6:6 KJV)*** Ang mga tiwaling babaeng Israelita sa panahon ni propeta Amos, ay ***"nagsisipagpahid ng mga mainam** (mamahalin) **na pabango,*** upang pasiyahin ang mga tao sa kanilang amoy, at at para mas lalo nilang ibigin ang sarili nilang katawan. Ang ginawa nila ay nakarating pa kay propeta Amos at isinulat niya ito sa Salita ng Dios. Hindi sila gumagamit ng mga ordinaryong pabango na magsisilbi sa layunin ngunit gumamit ng mga mamahaling pabango. Anumang bagay para sa katawan ay dapat gamitin sa katamtaman. Hindi dapat lumampas sa katawan ang amoy sa gayo'y hindi maakit ang mga lalaki o babae.

***"6 Na nagsisiinom ng alak sa mga mankok, at nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango; nguni't hindi nangahahapis sa pagdadalamhati ng Jose." (Amos 6:6 KJV)*** Ipinapahayag ni propeta Amos ang kanyang mensahe sa mga Israelita hindi upang punahin lang sila para sa mamahaling bagay na ginagamit nila. Kundi pukawin ang kanilang pansin sa ibang mga kasalanan na kailangan nilang pagsisihan:

***1. "Na nagsisiinom ng alak sa mga mankok:*** Nagpapakabusog sila sa pag inom ng alak para sa kasiyahan. Labis silang nag aalala sa pagpapakain sa kanilang laman at sa pagkonsumo ng lahat ng gusto nilang inumin.

***2. At nagsisipagpahid ng mga mainam na pabango:*** Bahagi ng kanilang pagmamataas, pagmamalaki at kamunduhan ay pahiran ang kanilang sarili ng mamahaling pabango. Pinapaluguran nila ang kanilang sariling laman sa paggamit ng mga ito.

***3. Nguni't hindi nangahahapis sa pagdadalamhati ng Jose:*** Ngunit ang parehong mga taong iyon ay walang malasakit tungkol sa sangbahayan ni Jose, ang naliligaw na mga Israelita, na namumuhay sa kasalanan, sa masakit na pagkaalipin , sa pagsamba sa dios-diosan, sa mga maling gawain na ginagamit ang mga walang kabuluhang gawain ng mga bansang pagano sa paligid nila.

Ang katulad sa maari nating pagnilaya ngayon kapag ang mga Cristiano at ang simbahan ay naglaan ng higit sa pagkain, inumin, pagsasaya, at sa makeup, lipstick, pagpipinta sa kuko, pag aayos sa buhok, at maraming bagay upang pasiyahin ang laman, na may kawalan ng pananalangin at pag aayuno, kawalan ng pagbabasa ng Salita ng Dios, kawalan ng kababaang loob at kawalan ng malasakit sa iba na naliligaw at nasa kahirapan ng kasalanan.

Si Maria, pinahiran ang paa ni Jesus, sa paggamit ng kanyang sariling pabango, ***"3 Si Maria nga'y kumuha ng isang libra ng unguentong taganas na nardo, na totoong mahalaga, at pinahiran ang mga paa ni Jesus, at kinuskos ang kaniyang mga paa ng kaniyang mga buhok: at ang bahay ay napuno ng amoy ng unguento." (Juan 12:3)*** Ibinigay ni Maria ang kanyang mamahaling pamahid para kay Jesus.

Kung nais mong magmukhang maganda at ang iyong mukha ay lumiwanag sa kaluwalhatian ng Dios, pumunta sa Biblia at matuto ng mga bagong bagay higit pa sa kung ano ang nabanggit dito sa mensaheng ito. Ang Bibliya ay naglalaman ng higit ng mga pamamaraan ng Dios upang gawin iyon. Ang pagtanggal ng mga make up at pabango na ito sa iyong pang araw araw na buhay ay talagang makakatulong sa iyo at maglalapit sa iyo sa Dios upang gawin ang Kanyang ministeryo, at makakatulong sa iyo na tumuon sa pagbabahagi ng Evangelio. Ito ay para sa iyon upang gumawa ng isag bagay upang isuko ang mamahaling make up at ang pagpipinta ng mukha.

Ang mga lipstick, pagpapahid sa mga mata, kuko, sa mukha ay maaring makaakit sa mga tao ngunit hindi sa Banal na Espiritu. Nang nilikha ka ng Dios ang Kanyang gawa ay kamangha mangha; kakilakilabot at kagilagilalas nilikha ka Niya bilang inaangkin mo ang Kanyang pangako sa ***Awit 130:14 "Ako'y magpapasalamat sa iyo; sapagka't nilalang ako na kakilakilabot at kagilagilalas:***

***kagilagilalas ang iyong mga gawa; at nalalamang mabuti ng aking kaluluwa."*** Panahon na para sa iyo upang isuko ang kamunduhan ng make up kundi isagawa ang lahat ng mayroon ka at tinanggap mo mula sa Dios sa Kaharian ng Dios at abutin ang bagong mga kaluluwa sa Evangelio ni JesuCristo na ating Panginoon. Ang ibinigay ni Maria ay katumbas ng isang taong sahod. ***"5 Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha?" (Juan 12:5 KJV)*** Sa panahon ni Jesus, ang kabayaran ng isang manggagawa sa isang araw ay isang denario, ***"2 At nang makipagkasundo na siya sa mga manggagawa sa isang denario sa bawa't araw, ay isinugo niya sila sa kaniyang ubasan." (Mateo 20:2 KJV)*** Kaya ng halaga ng kanyang pabango na ibinuhos niya sa paa ni Jesus, na nagkakahalaga ng 300 denario, na katumbas ng isang taong sahod. Isipin ilang tao ang nagsasayang ng mamahaling pabango at make up sa kanilang mga katawan at naglalaan ng malaking halaga ng salapi sa halip na gamitin ang kanilang mga mapagkukunan sa kanilang mas higit na mahalagang bagay at para sa pagdagdag ng kaharian ng Dios!

Nais ng Dios na sumulong tayo at ipangaral ang evangelio sa mga naliligaw at iligtas sila mula sa kasalanan at kamatayan. Sinasabi sa atin ng Salita ng Dios, ***"7 Anong pagkaganda sa mga bundok ng mga paa niyaong nagdadala ng mga mabuting balita, na naghahayag ng kapayapaan, na nangagdadala ng mga mabuting balita sa ikabubuti, na nagtatanyag ng kaligtasan, na nagsasabi sa Sion, Ang iyong Dios ay naghahari!." (Isaias 52:7 KJV) "15 At paano silang magsisipangaral, kung hindi sila nga sinugo? gaya nga ng nasusulat, Anong pagkaganda ng mga paa niyaong mga nagdadala ng masasayang balita ng mga bagay na mabuti!" (Roma 10:15 KJV)*** Sinabi ng Salita ng Dios, "***Anong pagkaganda ng mga paa niyaong mga nagdadala ng masasayang balita ng mga bagay na mabuti!"*** Hindi sinabi sa atin anong pagkaganda ang pinintahang mga mata, kuko at mukha. Sinasabi ang tungkol sa kagandahan ni Jesus na nagliliwanag mula sa mga taong nangangaral ng evangelio at nag aalis ng kadiliman ng kasalanan sa buhay ng mga tao. Ngunit, kung sila'y nag aalala sa pagkain, uminom at pagsusuot ng pinakamaganda, kung gayon, ano ang ipapangaral nila at ano ang ituturo nila? Kung sila'y lubhang makamundo hindi nila ipapangaral ang tungkol sa pagsisisi at hindi makakatulong sa mga tao na makaalis sa kanilang mga kasalanan.

Tayo ay magpatuloy sa pamamagitan ng Banal na Kasulatan at makita kung paanong gawing maging maganda an gating sarili at makita ang lingap ng Dios.

Ang mukha ni Moises ay nagniningning nang walang anumang make up dahil palagi siyang nasa presensya ng Dios, ***"27 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ang mga salitang ito: sapagka't ayon sa tunog ng mga salitang ito, ay nakipagtipan ako sa iyo at sa Israel. 28 At siya'y natira doong kasama ng Panginoon, na apat na pung araw at apat na pung gabi; hindi man lamang siya kumain ng tinapay, o uminom man ng tubig. At isinulat ng Panginoon sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos. 29 At nangyari, nang bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya, noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Dios. 30 At nang makita ni Aaron at ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises, narito, ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag; at sila'y natakot na lumapit sa kaniya. 31 At tinawag sila ni Moises; at si Aaron at ang lahat ng puno sa Israel ay nagbalik sa kaniya: at si Moises ay nagsalita sa kanila. 32 At pagkatapos, ang lahat ng mga anak ni Israel ay lumapit; at kaniyang ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng utos ang lahat ng salita ng Panginoon na sinalita sa kaniya sa bundok ng Sinai. 33 At pagkapagsalita sa kanila ni Moises ay naglagay siya ng isang lambong sa kaniyang mukha. 34 Datapuwa't pagka si Moises ay pumapasok sa harap ng Panginoon upang makipagsalitaan sa kaniya, ay nagaalis siya ng lambong hanggang siya'y makalabas; at siya'y lumabas at kaniyang sinalita sa mga anak ni Israel ang iniutos sa kaniya; 35At nakita ng mga anak ni Israel ang mukha ni Moises, na ang balat ng mukha ni Moises ay nagliliwanag: at inilagay uli ni Moises ang lambong sa ibabaw ng kaniyang mukha, hanggang sa siya'y makapasok na nakipagsalitaan sa Dios." (Exodus 34:27-35 KJV)*** Ang isang babae na naglalaan ng higit sa isang oras upang magpinta ng kanyang mukha ay dapat na mas mahusay na ilaan ang oras na ito para basahin ang Bibliya, at lumuhod at manalangin sa Kanyang harapan. Ang mensahe ay hindi lamang nakatuon sa mga kababaihan kundi sa kalalakihan din. Ang paglalaan ng oras sa bawat umaga sa facebook, pakikinig sa nagbabagang balita, sa halip ng pagsisimula ng araw sa pagbabasa ng Salita ng Dios at pananalangin sa paanan ng Panginoon ay espirituwal na nakakapagpalumpo sa pamamagitan ng karaniwang maling gawain na ito. Ang ating saloobin sa umaga ang magpapasiya sa bunga ng araw. Kung susundin mo ang huwaran ni Moises, kung gayon ikaw ang magiging tagapamahala ng araw na iyon. Ngunit kapag pinamamahalaan mo gawain ng iyong umaga na taliwas sa nabasa natin mula sa huwaran ni Moises, kung gayon ang araw ay magpapaalipin sa iyo at ikaw ang magiging utusang lalaki sa opisina at hindi mo malalaman kung saan ka tumatanggap ng mga utos. Nang ating nabasa ang nasa itaas sa Banal na Kasulatan malalaman natin ang ginawa ni Moises:

***1. Si Moises ay nakikinig sa Dios: "At sinabi ng Panginoon kay Moises, Isulat mo ang mga salitang ito: sapagka't ayon sa tunog ng mga salitang ito, ay nakipagtipan ako sa iyo at sa Israel." (Exodu 34:27)*** Si Moses ay sumunod sa kung anong sinabi ng Dios sa kanya na gawin. Kailangan nating makinig sa bawat umaga sa tinig ng Dios. Ang ibang mga tao ay interesado na makinig sa pagpupuri at pagsamba na mga awitin, ngunit hind dapat palitan ng pakikinig sa Dios.

***2. Siya ay nanalangin at nagaayuno: "At siya'y natira doong kasama ng Panginoon, na apat na pung araw at apat na pung gabi; hindi man lamang siya kumain ng tinapay, o uminom man ng tubig." (Exodu 34:28)*** Ang pananalangin at pagaayuno ay magagawa mong marinig nang mabuti ang tinig ng Dios at iyon ay makakatulong sayo upang maging malusog at mas mapanibago sa espirituwal na kalakasan. Ang ating mga mukha ay magningning sa daloy ng Banal na Espiritu at ito'y makikita sa pamamagitan ng ating buhay, sa iba.

***3. Siya ay sumulat ng Salita ng Dios, ang Salita ng tipan: "At isinulat ng Panginoon sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos." (Exodu 34:28)*** Pagsusulat at pagkopya ng Banal na Kasulatan ay isang utos, ***"18 At mangyayari, na pagka siya'y luluklok sa luklukan ng kaniyang kaharian, ay kaniyang susulatin ang isang salin ng kautusang ito sa isang aklat, na nasa harap ng mga saserdote na mga Levita: 19 At mamamalagi sa kaniya, at kaniyang babasahin sa lahat ng mga araw ng kaniyang buhay: upang siya'y mag aral na matakot sa Panginoon niyang Dios, upang isagawa ang lahat ng mga salita ng kautusang ito at ng mga***

***palatuntunang ito; 20 Upang ang kaniyang puso ay huwag magmataas sa kaniyang mga kapatid at siya'y huwag maligaw sa utos, maging sa kanan, o sa kaliwa: upang kaniyang maparami ang kaniyang mga araw sa kaniyang kaharian, niya, at ng kaniyang mga anak sa gitna ng Israel." (Deutronomio 17:18-20)*** Pagbabasa, pagninilay, pagsusulat ng Salita ng Dios at paglalaan ng panahon sa pagaaral nito ay ilalantad ang mga katotohanan at mga lihim, mga pangako, at mga biyaya na nakapaloob dito, sa mga naniniwala. Ang magpakumbabang paguugali ni Cristo na nasa atin pagkatapos natin magbasa lagi kada umaga ng Salita ng Dios, ay magiging mga mahalagang nutrisyon sa espirituwal na makakapagbago sa atin, baguhin tayo at makaya nating tanggapin ng higit ang Kanyang biyaya at habag.

***4. Tinupad niya ang Salita ng Tipan: "At isinulat ng Panginoon sa mga tapyas ang mga salita ng tipan, ang sangpung utos." (Exodu 34:28)*** Ang sumusunod ay ang Sampung Utos: ***"3 Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko. 4 Huwag kang gagawa para sa iyo ng larawang inanyuan o ng kawangis man ng anomang anyong nasa itaas sa langit, o ng nasa ibaba sa lupa, o ng nasa tubig sa ilalim ng lupa: 5 Huwag mong yuyukuran sila, o paglingkuran man sila; sapagka't akong Panginoon mong Dios, ay Dios na mapanibughuin, na aking dinadalaw ang katampalasanan ng mga magulang sa mga anak, hanggang sa ikatlo at ikaapat na salin ng lahi ng mga napopoot sa akin; 6 At pinagpapakitaan ko ng kaawaan ang libolibong umiibig sa akin at tumutupad ng aking mga utos. 7 Huwag mong babanggitin ang pangalan ng Panginoon mong Dios sa walang kabuluhan; sapagka't hindi aariin ng Panginoong walang sala ang bumanggit ng kaniyang pangalan sa walang kabuluhan. 8 Alalahanin mo ang araw ng sabbath upang ipangilin. 9 Anim na araw na gagawa ka at iyong gagawin ang lahat ng iyong gawain. 10 Nguni't ang ikapitong araw ay sabbath sa Panginoon mong Dios: sa araw na iyan ay huwag kang gagawa ng anomang gawa, ikaw, ni ang iyong anak na lalake ni babae, ni ang iyong aliping lalake ni babae, ni ang iyong baka, ni ang iyong tagaibang lupa na nasa loob ng iyong mga pintuang daan: 11 Sapagka't sa anim na araw ay ginawa ng Panginoon ang langit at lupa, ang dagat, at lahat ng nangaroon, at nagpahinga sa ikapitong araw; na ano pa't pinagpala ng Panginoon ang araw ng sabbath, at pinakabanal. 12 Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina: upang ang iyong mga araw ay tumagal sa ibabaw ng lupa na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios. 13 Huwag kang papatay. 14 Huwag kang mangangalunya. 15 Huwag kang magnanakaw. 16 Huwag kang magbibintang sa iyong kapuwa. 17 Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa." (Exodu 20:3-17 KJV)*** Ang pagsunod sa huwaran ni Moises gaya ng itinuturo sa atin ng Banal na Kasulatan; pagbabasa ng Bibliya pagsusulat ng Banal na Kasulatan, pananalangin, pag aayuno, at pakikinig sa Kanyang tinig, ay magpapaalaala sa atin ng tungkol sa ating tipan sa Dios at kung paano nating kailangang paglingkuran Siya at lumakad sa lahat ng Kanyang mga landas, paggawa ng buong kalooban ng Dios at magawa nating tangggapin ang mga sumusunod na mga pakinabang:

***A. Kumpyansa, kasiguraduhan at kapayapaan: "29 At nangyari ng bumaba si Moises sa bundok ng Sinai, na dala ang tapyas na bato ng patotoo sa kamay niya, noong bumaba sa bundok ay hindi nalalaman ni Moises na ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag dahil sa pakikipagusap niya sa Dios." (Exodu 34:29)*** Ang pakikinig sa tinig ng Dios ay nagbibigay sa atin ng katiyakan sa Kanyang mahalagang mga pangako na nakapaloob sa Bibliya. Ang tinig ng Dios ay magbibigay sa atin ng kapayapaan, mag aalis ng pagkabalisa at inaalok tayo ng kapahingahan. Tulad lamang nang natagpuan ni Moises ang kanyang sarili sa pagbaba sa kung saan nais ng Dios na pumunta siya, tayo sa parehong paraan ay may kapayapaan na yumaon sa direksyon patungo sa mga tao na nais ng Panginoon na puntahin natin.

***B. Pagtanggap ng Salita ng Dios at pagbibigay nito sa mga tao:*** Dala dala ni Moses ang Salita ng Dios nang siya'y bumaba matapos ng pakikipagusap sa Panginoon. Anong dakilang pagpapala ito na maari din nating dalhin ang Salita ng Dios sa naliligaw na sanglibutan matapos na makapiling Siya ***"32 At pagkatapos, ang lahat ng mga anak ni Israel ay lumapit; at kaniyang ibinigay sa kanila sa pamamagitan ng utos ang lahat ng salita ng Panginoon na sinalita sa kaniya sa bundok ng Sinai." (Exodu 34:32)***

***C. Pisikal na Kalakasan:*** Ang pakikipagkaisa sa Dios ay nagbibigay ng pisikal na kalakasan na kailangan natin upang pumaroon at harapin ang mga taong nasa paligid natin sa katotohanan ng Dios. Si Moises ay hindi masdyong batid ang sinag ng kanyang mukha matapos ng pakikipagusap sa Dios, ngunit ang karamihan ng mga tao sa paligid niya ay napansin ito.

***D. Kapangyarihan: "30 At nang makita ni Aaron at ng lahat ng mga anak ni Israel si Moises, narito, ang balat ng kaniyang mukha ay nagliliwanag; <u>at sila'y natakot na lumapit sa kaniya."</u> (Exodu 34:30)*** Ang mga tao'y natakot kay Moses matapos niyang makipagkita sa Dios. Sa parehong paraan, kung ating tataglayin ang Salita ng Dios at ang tinig ng Panginoon, sa gayon magkakaroon tayo ng kapangyarihan ng Dios sa lahat ng mga tao sa pamamagitan ng Salita ng Dios na ang Panginoon ang magbibigay sa atin upang mabago ang kanilang buhay.

***E. Lingap: "31 At tinawag sila ni Moises; at si Aaron at ang lahat ng puno sa Israel ay nagbalik sa kaniya: at si Moises ay nagsalita sa kanila." (Exodu 34:31)*** Nakinig ang mga tao nang tinawag sila at pumunta sa kanya. Kapag sumunod tayo sa Dios tulad ni Moses, makikita natin na ang mga tao ay makikinig sa atin at magkakaroon tayo ng lingap mula sa Dios at sa mga taong nasa paligid natin.

Sinabi ni Jesus, ***"6 Datapuwa't ikaw, pagka ikaw ay mananalangin, pumasok ka sa iyong silid, at kung mailapat mo na ang iyong pinto, ay manalangin ka sa iyong Ama na nasa lihim, at ang iyong Ama na nakakikita sa lihim ay gagantihin ka." (Mateo 6:6)*** Hinaharap natin ang hamon ng buhay ng may pananalangin at pagsusumamo sa Dios. Hinaharap natin ang mga ito ng may pagaayuno; sinabi ni Jesus, ***"17 Datapuwa't ikaw, sa pagaayuno mo, ay langisan mo ang iyong ulo, at hilamusan mo ang iyong mukha; 18 Upang huwag kang makita ng mga tao na ikaw ay nagaayuno, kundi ng Ama mo na nasa lihim: at ang Ama mo, na nakakikita sa lihim, ay gagantihin ka." (Mateo 6:17-18)*** Itinagubilin ni Jesus na pahiran natin an gating ulo ng langis; hindi ng pabango kundi ng langis ng olibo, upang hindi makita ng mga tao na tayo'y nag aayuno.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Upang harapin ang pakikibaka ng buhay, kailangan natin ang Dios sa ating tabi. Ang Salita ng Dios ay nagsasabi sa atin ng sumusunod: ***"5 Sila'y nagsitingin sa kaniya, at nangaliwanagan: at ang kanilang mukha ay hindi malilito kailan man." (Awit 34:5)*** Nais ng Dios na bumalik tayo sa Kanya, bumalik kay Jesus at sa Kanyang Salita na magbibigay liwanag, pag asa, at buhay. ***"16 Nguni't kailan ma't magbalik sa Panginoon, ay maaalis ang talukbong. 17 Ngayon ang Panginoon ay siyang Espiritu: at kung saan naroroon ang Espiritu ng Panginoon, doon ay may kalayaan. 18 Datapuwa't tayong lahat, na walang talukbong ang mukha na tumitinging gaya ng sa isang salamin sa kaluwalhatian ng Panginoon, ay nababago tayo sa gayon ding larawan mula sa kaluwalhatian hanggang sa kaluwalhatian, na gaya ng mula sa Panginoon na Espiritu." (2 Corinto 3:16-18)*** Kapag may pagsisisi, may kalayaan sa kasalanan, kalayaan sa pagkaalipin at kalayaan mula sa mga hangganan, mas maraming bunga ng gawa ng Banal na Espiritu sa ating buhay. Sa ganitong paraan mahaharap natin ang mga problema na may katiyakan na ang Dios ay kasama natin. Samakatuwid, kailangan nating magpasakop upang lumakad sa Kanyang mga landas.

Ang mensaheng ito ay hindi lamang sa mga kababaihan, kundi pati na rin sa mga kalalakihan at sa lahat, sapagkat marami sa kalalakihan ngayon ay gumagamit ng make up upang pagandahin ang kanilang sarili dahil sa pagibig sa sarili, na tatakpan nila ang ilang mga nunal, tighiyawat, lukot, sa pamamagitan ng paggamit ng make up, ginto, hiyas, at mamahaling relo, mga mobile, kotse, atbp, upang maakit ang iba patungo sa kanila. Ang mga kalalakihang iyon ay kailangan nilang magsisi sa lahat ng gayon, katulad ng itinuro natin sa kababaihan tungkol dito. Pati na rin ang maraming mga kalalakihan at kababaihan ay gumagawa ng plastic surgery at gumastos ng maraming pananalapi upang pagandahin ang kanilang sarili na may mas buong mga labi, bilog na pisngi, tuwid na ilong, mahusay na inilagay ang mga biloy na kung saan ay sa hitsura lamang sila nakabatay. Ito ay nagbigay daan sa mga kompanya ng insurance na nag aalok ng mga plano sa pagbabayad para sa mga napakamahal na elective na operasyon at pamamaraan, upang ang iba ay kayang bayaran upang matapos ang gawain. Ang ating kalalakihan at kababaihan, mga bata, mga kabataan at mga nakababata ay hindi dapat makialam sa lahat ng gayong katiwalian sa mundo. Dapat malaman ng Simbahan ng Dios ang lahat ng gayong mga pakana at katiwalian ng diyablo na nais na ipakilala sa simbahan tulad ng pagpapakilala ni Jezebel sa pagsamba kay Baal sa Israel.

***Aking panalangin:*** Ama Dios, Ako ay lumalapit sayo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat para sa iyong Salita at sa katuruan na Aking tinanggap sa mensaheng ito.

Tayo ay magsisi mula sa ating mga kasalanan. Talikdan ang iyong kawalan ng tiwala sa Dios, ang iyong pagkatakot sa tao at sa iyong pagtitiwala sa mga tao. Talikdan ang iyong make up at mga pabango na ginagamit mo upang magkaroon ng katanyagan at maakit ang iba. Talikdan ang iyong pagmamataas, ang iyong kayabangan at katigasan ng ulo. Ipagtapat ang iyong kasalanan ng hindi pagbabasa ng Salita ng Dios at kawalan ng pananalangin.
Talikdan ang iyong kamunduhan at iyong pagbig upang maging tanyag.Talikdan ang iyong masamang katiwala at pagsasayang ng salapi sa make up, mga pabango, palamuti, mobile at iba pang hindi kinakailangang mga bagay. Talikdan ang iyong imoralidad at ang iyong pakikipag ugnayan sa labas ng kasal. Talikdan ang iyong kawalan ng kahandaang magpakumbaba at sumailalim sa plano at kalooban ng Dios. Talikdan ang iyong masamang halimbawa sa iba at maling pamamaraan na ipinamumuhay mo. Talikdan ang iyong kawalang kahandaang maglingkod sa Dios, ang iyong kawalang kahandaang magdusa para sa Kanya at ang iyong kawalang kahandaang ipangaral ang Salita ng Dios. Panginoon patawarin ako, Ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na mga kasalanan _____________________.

Panginoon nagpapakumbaba ako sa harap mo at sa harap ng iyong Salita na narinig ko ngayon. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na lumabas sa lahat ng kamunduhan ng makeup, lipsticks, pagpipinta sa kuko at mga pabango. Panginoon ipinagkakatiwala ko aking sarili sa mga alintuntunin na aking natutunan mula sa mensaheng ito upang ilapat at upang turuan ang aking pamilya, at ang iba at tulungan sila na sundin si Cristo. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na magbasa ng Bibliya araw araw at pagnilayan ang iyong Salita, na manalangin at mapasa iyong paanan sa bawat umaga bago simulan ang aking araw. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na mag-ayuno, hinggin sayo na ibigay mo sa akin ang iyong Salita na kailangan ko sa aking buhay, na ibabahagi ko din sa mga taong nasa paligid ko at nangangailangan nito. Panginoon patuloy mong bigyan ako at protektahan ako upang ako'y makapagpatuloy na maglingkod sayo sa pag abot ng bagong bayan at gawin silang bagong alagad para sayo.

Panginoon patuloy na pagpalain ang aming simbahan. Hipuin ang bawat kasapi upang umalis mula sa kamunduhan at simulang maintindihan kung paanong anyayahan ang Banal na Espiritu sa kanilang buhay, upang ang kanilang mukha ay magningning sa iba na nasa paligid nila at sumalamin sa kanila ang kaluwalhatian ng Dios upang sila'y bumalik sayo. Panginoon ipabasa mo sa kanila ang Bibliya ng higit at hayaan mo silang manalangin pa at para mas makinig pa sa iyong tinig habang sila'y nasa iyong paanan. Panginoon dalangin ko para sa higit pang mga pagtitipon ng pag aaral ng Bibliya ay idadagdag sa simbahan at mas maraming mga bagong kaluluwa ang nakuha na nagbalik loob at mas maraming mga manggagawa ang idadagdag sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at pakikipagpisan ng Banal nq Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus. Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com